



ANG

# Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas  
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Taon XXXVI Blg. 6

Marso 21, 2005

[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

*Editoryal*

## Labanan ang terorismo ng rehimeng US-Arroyo

Tanda ng katindihan ng krisis ng naghaharing sistema at lumalalang pampolitikang desperasyon ng rehimeng Arroyo, tunitindi ang karahasanan ng estado laban sa mga lider ng mga patriyotiko at demokratikong organisasyon ng mamamayan. Hangarin ng mga pagpaslang na ito ang palaganapin ang takot at patahimikan ang nagngangalit na mamamayan.

Mula Enero hanggang Marso, 26 nang upisyal ng Bayan Muna at iba pang progresibong organisasyon sa iba't ibang prubinsya sa kapuluan ang pinaslang, 18 sa kanila nito lamang huling dalawang linggo.

Lahat ng mga biktima ay kilalang tagapagtugoyod ng interes at iba't ibang laban ng mamamayan. Kabilang dito sina Konsehal Abelardo Ladera at Fr. William Tadena, masusugid na tagasuporta ng makatarungang welga ng mga manggagawa at manggagawang bukid sa Hacienda Luisita; at si Atty. Filideto Dacut na puspusang lumaban sa karumaldumal na mga kaso ng karahasang militar sa Eastern Visayas.



Ang mga pinaslang ay kumatawan sa matindi nang disgusto ng naghihikahos na mamayan sa rehimeng US-Arroyo.

Nanguna sila sa paggigiit ng karagdagang sahod at tunay na reforma sa lupa, paglaban sa pang-aabusong militar, pagpigel sa

***Mga tampok  
sa isyung ito...***

Palparan, naghahasik  
na ng pasismo  
sa Eastern Visayas

PAHINA 4

Pagbubuo  
ng balangay ng PKM  
sa South Quezon

PAHINA 6

Paglulutas ng mga  
usapin ng mamayan  
sa Nueva Ecija

PAHINA 7

walang awat na pagtataas ng presyo ng langis at iba pang batayang bilihin at serbisyo, pag-tutol sa mga bagong pasaning buwis at sa pananawagan na patsikin na si Gloria Arroyo mula sa poder. Kaya gayon na lamang ang bagsik ng tugon ng rehimeng.

Taliwas sa inaasahan ni Arroyo, ang dumaraming kaso ng armadong pagsupil sa mga progresibo at militanteng organisasyon ay lalo pang nakapagpalawak sa simpatya at suporta ng mas maraming pang-gitnang pwersa tulad ng simbahan, masmidya, mga guro, mga upisyal ng gubyerno sa lokal at pambansang antas at maging ng mga pwersa sa ibayong dagat. Sa halip na matakot, nagngangalit ang mamamayan at sumisigaw ng katarungan.

Tanging ang pasista at reaksyuniaryong sandatahang lakas at ang ayuda at interbensyon militar ng US na lamang ang sinasandigan ng lubha nang nahihwalay na rehimeng Arroyo.

Ang pandarahas ng rehimeng Arroyo sa lumalabang mamamayan ay lalong nagpatingkad sa pagkamakatarungan ng kanilang mga

hinaing at pakikibaka. Wasto lamang na lalong paigtingin ang kanilang mga pakikibaka at iugnay ang kanilang mga sigaw laban sa imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo sa tumitinding mga pasistang atake ng rehimeng Arroyo laban sa mamamayan at sa kanilang panawagan at laban para ibagsak ang pahirap na rehimeng.

Kasabay nito, napakahalagang gagapin ang importanteng aral na itinuturo ng rehimeng Arroyo: kailanman ay hindi kusang bibitawan ng naghaharing uri ang kanilang mga pribilehiyo upang mabigyan ng kahit kaunti at kagyat na kaluwagan ang mga naghihikahos. Kung kaya sa pagsusulong ng kanilang mga laban, sadyang haharapin nila ang lalo pang mga pasakit at sakripisyo. Kailangang pagibayuhin nila ang kanilang tapang, paninindigan at militansa.

Sa harap ng mga hakbangin ng rehimeng Arroyo tungo sa lantarang pasistang paghahari, kabilang ang pagtutulak na isabatas ang Anti-Terrorism Bill, wastong magpursigi ang mga militante at progresibong organisasyon sa pag-

gigiit ng kanilang mga karapatang sibil at pampulitika at igit ang karapatang ipaglaban ang kanilang mga hinaing sa legal na paraan.

Pinakamatibay nilang kalasag ang kawastuan ng kanilang ipinag-lalaban at ang organisadong lakas ng mamamayan. Isang malawak na anti-pasistang prente na katulad ng nagpabagsak sa diktadurang Marcos ang maaaring umusbong mula sa paglabang ito.

Mas mahalaga pang aral na itinuturo ng rehimeng Arroyo na tanging ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka ang makapag-papabagsak sa reaksyuniaryong armadong paghahari at lubusang tutugon sa mga hinaing ng naghirap na mamamayan.

Sa sitwasyong ito, wastong paigtingin ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang rebolusyonaryong armadong pakikibaka. Sa paghahari ng terorismo ng estado, napakainam ang sitwasyon upang lalo pang pabilisin ang rekrutment sa BHB at paigtingin ang mga taktil na opensiba laban sa mga armadong tauhan ng estado.

Partikular na target ng BHB ang mga pasistang tropa na responsible sa mga pamamaslang at iba pang pang-aabuso sa mamamayan. Inilulunsad ng BHB ang gayong mga opensiba sa mga sonang gerilya upang pahinain at ilayo ang mga pasistang AFP at PNP mula sa mga sentro ng legal na pakikibakang masa.

Sa pamamagitan ng mga taktil na opensiba at iba pang akisyong militar ng BHB, unti-unting napahihina ang rehimeng Arroyo at armadong haligi nito at naigagawad ang katarungan sa mga may kagagawan ng mga pasistang kahayupan sa mamamayan. Ang bawat isang opensiba, maliit man o malaki, ay ambag sa pangkalahatang layuning wakasan ang papet at anti-mamamayang rehimeng Arroyo.

AB

# ANG Bayan

Taon XXXVI Blg. 6 Marso 21, 2005

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong *i-download* mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

[www.philippinerevolution.org](http://www.philippinerevolution.org)

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot kami sa pamamagitan ng *email* sa: [angbayan@yahoo.com](mailto:angbayan@yahoo.com)

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

## Nilalaman

<b>Editoryal</b>	<b>1</b>
Terorismo ng estado	3
Palparan, naghahasik ng pasismo	4
Asasinyoong pulitikal	5
Pagbubuo ng PKM sa Quezon	6
Paglulutas ng mga usapin	7
Pagbubuntis sa hukbong bayan	9
Laban sa pagtotroso at pagmimina	10
Rubout sa Bicutan	10
Presyo ng langis, muling itinaas	11
<b>Balita</b>	<b>12</b>

# Sunud-sunod na pandarahas sa mga lider ng ligal na demokratikong kilusan

**S**a pagnanais ng rehimen at militar na patahimikin ang lumalakas na paglaban ng mga demokratiko at progressibong pwersa, sunud-sunod na isinagawa ang sistematisikong pagpaslang at panghaharas sa mga lider at kasapi ng iba't ibang organisasyon masa at partido. Mula noong Enero, umabot na sa 26 ang biktima ng pasistang karahasan.

Pinakahuling biktima si Victor Concepcion, *coordinator* ng Anakpawis at pangkalahatang kalihim ng Aguman deng Maglalautang Capampangan, lokal na organisasyon ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP). Binaril siya noong gabi ng Marso 17 habang nagpapahinga sa kanyang bahay sa Angeles City.

Bago ito, binaril at napatay si Joel Reyes, drayber ng traysikel at organisador ng Anakpawis sa Jose Panganiban, Camarines Norte nitong Marso 16. Tinuligsa ng Anakpawis ang 902nd IBde at 31st IB na tinukoy na responsable sa pamamaril.

Nitong Marso 14, binaril sa Tacloban City si Atty. Felidito Dacut, 51, *regional coordinator* ng Bayan Muna sa Eastern Visayas. Si Attorney Dacut ay nakasakay sa dyip nang barilin siya isang kilometer lamang ang layo sa upisina ng Bayan Muna. Maaalalang pinaslang din sa Tacloban ang *regional coordinator* ng Anakpawis na si Samuel Bandilla noong Oktubre 15, 2004.

Nito namang Marso 13 sa Barangay Guevarra, La Paz, Tarlac, binaril at napatay si Fr. William Tadena samantalang malubha namang nasugatan ang dalawa niyang kasamahan. Si Fr. Tadena, 37, pari ng Philippine Independent Church (PIC) ay aktibo sa Bayan Muna at Anakpawis at kilalang tagasuporta ng mga manggagawa

sa Hacienda Luisita.

Matatandaang pinagbabaril ang isa pang pari ng PIC na si Fr. Allan Caparro at ang kanyang asawang si Aileen noong Pebrero 18 sa Abuyog, Leyte. Si Fr. Caparro ay pangalawang tagapangulo ng Promotion of Church People's Response sa Eastern Visayas. Sugatan kapwa ang mag-asawa.

Nitong Marso 3, binaril din at napatay si Konsehal Abelardo Ladera ng Tarlac City, isa ring myembro ng Bayan Muna at tagasuporta ng mga manggagawa sa Hacienda Luisita.

Binaril din at napatay si Ernesto Bang sa kanyang tahanan sa Barangay Malangkaw Basud, Labo, Camarines Norte nitong Marso 10. Si Bang ay *public information officer* ng tsapter ng KMP sa prubinsya.

Nitong Marso 9, binaril at napatay sa harap ng palengke sa Baguio City si Romeo Sanchez, *regional coordinator* ng Bayan Muna sa Ilocos. Galing si Sanchez sa isang kumperensya ng mga tumututol sa malawakang pagmimina sa rehiyon.

Nitong Marso 7, dinukot ng mga sundalo ng Philippine Army si Mer Dizon, tagapangulo ng Anakbayan sa Zambales. Nakakulong siya ngayon sa *provincial jail* ng Iba.

Halos 20 araw nang nawawala si Danny Macapagal, dating *secretary-general* ng Bayan-Nueva Ecija



at kasalukuyang *coordinator* ng Bayan Muna sa prubinsya. Dinukot siya sa harap ng kanyang tahanan sa Cabanatuan City noong Marso 3. Apat pang aktibista ang dinukot sa Nueva Ecija noong araw ding iyon. Wala pa ni isa sa kanila ang natatagpuan hanggang sa kasalukuyan.

Bago ito, apat na myembro ng Gabriela Women's Party ang dinakip ng mga sundalo sa Sampaloc, Quezon noong Marso 1. Ilang araw na ikinulong sa himpilan ng PNP sa Sampaloc sina Miralyn Gamba, Leonila Manalo, Nancy Elle at Aileen Ramos at pinaratangang mga kasapi ng Bagong Hukbong Bayan.

Noong Enero at Pebrero, 12 aktibista ang pinaslang, lima ang dinukot at apat ang hinaras ng mga pulis at militar sa mga prubinsya ng Pampanga, Bataan, Nueva Ecija at Aurora.

Dinukot at pinatay sa Masantol, Pampanga noong Pebrero 18 si Roger Viray, pangalawang pangulo ng Pamalakaya-Bulacan. Pinatay naman sa Balanga, Bataan noon ding Pebrero 18 sina Rodel Pelayo at Joey Abraham, parehong kasapi ng Central Luzon Aeta Association. Si Renato Espino, isang manggagawa at *coordinator* ng Anakpawis ay pinatay din noong Pebrero 18 sa

Mexico, Pampanga. Si Rodrigo Lampa, Bayan Muna *coordinator*, ay pinatay noong Pebrero 16 sa Guagua, Pampanga. Sa Guagua rin pinaslang ang mag-amang sina Noel at Nicanor Garcia, kapwa mga myembro ng KMP.

Kabilang pa rin sa mga sinal-beyds sina Crispin Amazona, na dinukot noong Pebrero 14 at natagpuang patay kinabukasan sa Dingalan, Aurora; at Felino Briones na pinaslang noong Enero 25. Nawawala naman si Esteban Pastor, na dinukot noong Pebrero 11 sa San Luis, Aurora.

Samantala, inilantad ni Atty. Romeo Capulong, pangunahing abugado ng National Democratic Front at husgado ng espesyal na korte ng United Nations na pinagtangkaan ang kanyang buhay noong Marso 7. Punong konsultant din ng mga welgista sa Hacienda



Luisita si Attorney Capulong. Ayon sa kanyang salaysay, isang *van* na may lulang dalawang lalaki ang nagtungo sa kanyang bahay sa Nueva Ecija. Biglang umalis ang *van* nang mag-alerto ang mga gwardyang nagbabantay kay Attorney Capulong. Bago ito, aniya, ilang araw nang minamanmanan ang kanyang bahay ng mga taong nagpapanggap na mga manininda.

Malinaw sa rebolusyonaryong kilusan at mamamayan na ang rehimeng Arroyo ang may kagagawan sa panibagong serye ng karahasan laban sa mga kilalang progresibong indibidwal.

Nagbabala ang *negotiating panel* ng National Democratic Front na tuwiran nitong isasara ang pakikipagnegosasyon sa rehimeng US-Arroyo kung patuloy na issasapanganib ng rehimeng buhay ni Attorney Capulong. Malaon nang pinag-iinitan ng mga lantarang pasistang upisyal ng rehimeng sina

Capulong at mga upisyal ng mga progresibong organisasyon at partido dahil sa pagsuporta nila sa welga sa Hacienda Luisita.

Ilang linggo lamang bago ang pagpaslang kay Konsehal Ladera, naglabas ang AFP Northern Luzon Command (Nolcom) ng listahan ng kunwa'y mga operatiba ng PKP at BHB sa hayag na kilusang masa. Katawa-tawa silang pinaratangang responsable sa walang pakundang pangmamasaker ng militar at PNP sa mga welgista ng asyenda noong nakaraang taon. Bago ito, idineklara ni Gloria Arroyo ang welga sa asyenda bilang "usapin ng pambansang seguridad." Isa itong pang-uupat sa militar na maglunsad ng walang habas na pang-aatake sa ligal na demokratikong kilusan.

Hindi nalalayo ang kampanyang pandarahas na ipinatutupad ngayon sa iba't ibang bahagi ng bansa sa mga karumal-dumal na taktikang ginamit ng mga berdugong militar sa Mindoro sa nakaraang mga taon. AB

## Palparan, naghahasik na ng pasistang dahas sa Eastern Visayas



**S**inimulan na ni Maj. Gen. Jovito Palparan, katatala-gang hepe ng 8th ID, ang paghahasik ng pasismo sa Eastern Visayas.

Ni wala pang tatlong linggo sa kanyang bagong katungkuluan, bumwelo na si Palparan sa tangkang pagpatay sa Abuyog, Leyte noong Pebrero 18 kay Fr. Allan Caparro ng Iglesia Filipina Independiente at pangalawang tagapangulo ng Promotion of Church People's Response (PCPR). Si Caparro at kanyang asawang si Aileen ay parehong sugatan matapos silang pagbabarilin ng tatlong lalaking lulan ng motorsiklo at armado ng mga kal .45 baril. Aktibong tinututulunan ni Fr. Caparro ang malawakang pagmimina dahil sa pinsalang idudulot nito sa mamamayan ng rehiyon.

Nitong Marso 6, isang kumpanya ng 63rd IB kasabay ang isang *armored personnel carrier* ang pumwesto sa tapat ng mga upisina ng Bayan Muna-Northern Samar at Katungod-Eastern Visayas sa Catarman, Northern Samar para takutin ang mga aktibistang tumututol sa tumitinding militarisasyon sa Catubig at iba pang bayan ng Northern Samar. Nang magpunta sa Catarman si Congressman Teodoro Casiño ng Bayan Muna para igiit ang pagpapaatras sa mga pwersa ng 63rd IB, binuntutan pa siya ng mga powersang militar habang papauwi na siya sa Metro Manila.

Nito namang Marso 14, pinatay si Atty. Felideto Dacut, *coordinator* ng Bayan Muna para sa Eastern Visayas at abugadong nagtatanggol sa mga biktima ng karahasang militar sa rehiyon. Si Dacut ay kagaling lamang sa upisina ng Bayan Muna nang pagbabarilin siya ng mga pinaghihinalaang militar sa

Tacloban City. Siya rin ang bagong halal na tagapangulo ng Integrated Bar of the Philippines sa Samar.

Malinaw ang makahayop na rekord ni Palparan bilang upisyal ng iba't ibang yunit ng Philippine Army na naitalaga sa iba't iba ring rehiyon sa Pilipinas.


Bilang hepe ng 24th IB sa Central Luzon mula huling bahagi ng dekada 1980 hanggang 1991, sangkot si Palparan sa pagdokot at pagtortyur sa mga organisador ng mga magsasaka at iba pang aktibista, malawakang pang-aaresto at huwad na pagpapasuko. Sangkot din siya sa isang kaso ng pambobomba sa isang komunidad.

Noong 1992 naman, nang malipat siya sa Mountain Province, anim ang iligal na inaresto, lima ang hinaras, isa ang dinukot, isa ang sinalbeyds, isa ang nasugatan at dalawa ang naging kaso ng pwersahang pagpapalikas. Bilang pinuno ng Task Force Banahaw sa Rizal at Laguna, 61 paglabag sa karapatang-tao ang naitala sa Laguna noong 2001. Sa loob ng halos dalawang taon niyang pamumuno sa 204th Bde sa

Oriental Mindoro mula 2001 hanggang 2003, umabot sa 27 mga aktibista ang pinatay nang walang kalaban-laban, kabilang na ang mga lider masa na sina Eden Marcellana at Eddie Gumanoy.

Dahil dito, wala nang ibang pwedeng sisihin sa ibayong pagtindidi ng pasistang karahasan sa Eastern Visayas kundi si Palparan, anang National Democratic Front (NDF) sa rehiyon.

Mismong ang tinaguriang "berdugo ng Min-



doro" ang kumukumpirma sa gayong pagtingin. Sa kauna-unahan niyang pakikipanayam sa midya bi lang hepe ng 8th ID nitong Marso 5, nagpahiwatig na si Palparan kung ano pa ang maaaring asahan sa ilalim ng kanyang panunungkulan.

Ipinagyabang niyang dudurugin niya ang lahat ng mga kalaban ng reaksyunaryong gubyerno—kapwa ang mga "armadong kaaway ng estado" at mga "nang-uupat (ng gulo)" (agitators)—sa loob lamang ng anim na buwan. Ipinahayag din niya ang pag-sang-ayon sa panukala ng AFP na parusahan ang mga kagawad ng midya na nakikipanayam sa mga binansagang terorista.

Lumabas mismo sa bibig ni Palparan na hindi niya pinag-iiba ang mga armado at di armadong pwersa, mga sibilyan at kombatant, mga kumikilos nang hayag at lihim. Para sa rehimeng US-Arroyo, huwaran si Palparan sa lantarang pasistang terorismo at panunupil na nais nitong pairalin. AB

## Mga asasinasyong pulitikal, tatak ng US

**A**ng mga asasinasyong pulitikal ay tatak ng maruming operasyon ng imperyalistong US sa mga kontra-rebolusyonaryong digma nito. Nang maglunsad ito ng digma laban sa mamayan ng Vietnam noong 1964-75, inilunsad rin ng Central Intelligence Agency (CIA) ang tinaguriang Operation Phoenix, isang malawakang kampanya ng mga pampulitikang asasinasyon.

Nagmantine ang militar ng

US ng listahan ng mga target ng pagpaslang, pangunahin na ang mga personaheng may impluwensya o malaking papel sa rebolusyonaryong paglaban ng Partido Komunista ng Vietnam, Hukbong Bayan at National Liberation Front (o Viet Cong). Sa panahong 1968-1971, mahigit 40,000 ang pinatay sa ilalim ng Operation Phoenix.

Ang pagtindi ngayon ng pamamaslang sa mga lider at kasapi ng mga progresibong organi-

sasyon sa Pilipinas ay walang dudang hinalaw ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga doktrinang turo ng CIA, kundi man tuwirang itinuro ng militar ng US sa pamamagitan ng mga lihim na operatiba at "military advisers" nito na nakapwesto sa iba't ibang kampo ng AFP sa buong bansa.

Kamakailan lamang, nalan tad na may mahigit 70 upisyal at operatiba ng militar ng US na kumikilos sa Pilipinas. AB

# Matagumpay na pagbubuo ng balangay ng PKM

**M**atagumpay na naidaos nitong Marso ang unang kumperensya ng pagbubuo ng balangay ng Pambansang Katipunan ng mga Magbubukid (PKM) sa isang baryo sa South Quezon. Sa kabilang tuluy-tuloy na operasyon militar ng kaaway, nakadalo sa kumperensya ang 56 na kinatawan ng mga organisasyon masa ng iba-ibang sektor, kasama ang mga grupo ng mga bata.

Hinirang ng komite ng Partido sa teritoryo ang pamunuan na bumubuo sa lupong tagapagpaganap nito at mga kasapi sa komite ng organisasyon, ekonomya, kalusugan, depensa at edukasyon.

Bago naidaos ang kumperensya, dumaan muna sa proseso ng pagbaka sa konserbatismo sa gawaing masa ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at sangay ng Partido sa lokalidad (SPL). Dahil sa konserbatismo, naging mabagal ang proseso ng pagtataas ng antas ng organisasyon ng masa sa mga baryo kahit may batayan na para gawin ito. Mula lamang 2003 sumigla nang husto ang pag-oorganisa sa baryo hanggang sa umabot na sa kasalukuyang lakas at latag ang organisasyon masa.

Mahigpit na nagtulungan ang BHB at SPL para maihanda ang rekitos upang mailunsad na ang kumperensya na nakatakdang idaos noon pang nakaraang taon.

Sininop ang panlipunang pag-sisiyasat ng baryo. Ayon sa pag-sisiyasat, hindi tipikal na sakahan ang lugar. Malawak ang mga niyugan at sagingan dito na tadtad ng pulo-pulong kaingin na pag-aari ng maliliit na magsasaka. Aabot sa 40% ng lupain ay klasipikadong pampublikong lupain. Sa mga titu-



ladong niyugan na kalimita'y pag-aari ng mga prominenteng pamilya, karaniwang isa hanggang dalawang ectarya naman ang pinapaalagaan sa mga magsasaka.

Napalalim at nakumpleto ang rebolusyonaryong kasaysayan ng baryo. Nagsimulang kumilos dito ang BHB noong 1981 at noong 1985 hanggang 1987 ay rumurok ang pagkilos ng mamamayan. Dala ng maling linya, tuluy-tuloy na humina ang kilusan noong huling bahagi ng 1987 hanggang 1989. Sa kabilang nito, nanatiling nakatayo ang mga organisasyon masa at sangay ng Partido.

Noong 1990-92, hindi naging tuluy-tuloy ang pagkilos ng BHB sa baryo. Noong 1995 na lamang ito ganap na nabalikan ng mga Pulang mandirigma. Ang tuluy-

tuloy na gawaing rekoberi sa lugar ay isinagawa sa balangkas na ng pagpapatupad ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto.

Isang salik sa matagumpay na pagbawi sa baryo ang paglahok ng BHB sa gawaing produksyon at pagpapagana sa suyuhan tungo sa malawakang paghawan ng lupa para gawing mga kaingin. Nadagdagan ang kita ng kita ng taumbaryo dahil unti-until na silang napabailing sa produksyon ng kopra at iba pang tanim na pangkonsumo mula sa simpleng pagbebenta ng puso at bunga ng saging.


Katangi-tangi din ang naging papel ng organisadong kababaihan sa muling pagpapatibay ng base at paglalatag ng pundasyon para sa pagbubuo ng mga samar sundan sa "Balangay...", pahina 7

# Paglutas sa mga usapin sa hanay ng mamamayan

**I**sa sa mga importanteng bagay na kinakaharap ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa araw-araw ang pagharap sa mga usapin o tunggalian sa hanay ng masa at ang pangangailangan lutasin ang mga ito sa pamamagitan ng arbitrasyon.

Noong unang linggo ng Marso, nakapanayam ng *Ang Bayan* si Ka Deo, namumunong cadre ng Partido sa Nueva Ecija, kaugnay ng karanasan nila sa prubinsya sa gawaing ito.

Pangunahing ginagampanan ng gubyernong bayan, mga organo ng Partido at organisasyon masa ang gawaing arbi-



trasyon. Sa Nueva Ecija ngayon, ginagampanan ito ng paparaming naitatayong mga samahang masa na sa iba't ibang antas ay nagpatupad ng mga rebolusyonaryong patakaran. Sa mga lugar na ito, ang idinudulog na lamang sa hukbong bayan ay ang mga usapin at reklamong hindi nalulutas sa kanilang antas. Subalit sa mga lugar kung saan nasa inisyal na antas pa lamang ang pagtatayo ng mga samahang masa, tuwiran ding idinudulog sa BHB ang mga kaso para sa arbitrasyon.

Katulad ng ibang yunit ng BHB sa buong kapuluan, tina-tanggap at hinaharap nina Ka Deo ang samutsaring usaping idi-

## "Balangay...", mula sa pahina 6

hang masa. Dahil karamihan sa kababaihan ay dati nang kasapi ng mga sangay ng Partido sa ibang baryo, malaki ang naitulong nila sa BHB at ibang kasapi ng SPL sa pag-oorganisa at pagbibigay ng mga pampulitikang pag-aaral. Kalaunan ay kinaya nilang maglunsad ng mga pag-aaral kahit wala ang mga Pulang mandirigma.

Damang-dama ang lakas ng impluwensa ng rebolusyonaryong kilusan sa baryo. Kinikilala mang ging ng mga kasapi ng *barangay council* ang mga rebolusyonaryong adhikain. Masigasig din ang paglilinis ng mga di kanais-nais na ele-

mento at ahente ng kaaway. Mahusay na gumagana ang gawaing paniktik at sistema ng pag-uulat ng milisyang bayan (MB) at organisasyon masa para matiyak ang seguridad ng BHB at ng baryo. Maayos ang pagtangan sa mga alituntunin ng lihim na pagkilos upang hindi madampot ng militar ang mga tukoy na myembro ng Partido at organisasyon masa.

Sa ngayon ay organisado na ang mahigit 70% ng populasyon ng baryo. Mayorya ng mga kasapi ay nakatapos na ng mga batayang edukasyong masa. Subok din ang masa sa mga pakikibaka sa rebo-

lusyong agraryo at sa pagharap sa matitinding operasyong militar ng kaaway. Lumalahok ang MB sa mga taktikal na opensiba bilang bahagi ng kanilang pagsasanay-militar.

Importanteng sangkap ang pagtatayo ng mga samahang masa sa baryo sa higit na pagdaluyong ng rebolusyonaryong kilusan. Bunga nito, inaasahan ang mas malalim na pamumuno ng Partido, ang paglakas ng BHB at ang ibayong pagtaas ng antas ng organisasyon masa. Ito ang magsisilbing bag-as ng pagsulong sa harap ng tunitding militarisasyon at sumisidhing kontrarebolusyonaryong digma. AB

nudulog sa kanila sa abot ng kani-lang makakaya. Bukod sa mga tunggalian sa hanay ng mamamayan sa baryo, hinaharap din nila ang mga tunggalian sa pagitan ng mamamayan at mga panginoong maylupa at sa ilang pagkakataon, mga usapin sa pagitan ng mga panginoong maylupa.

Pinakakaraniwan sa mga usaping natatanggap nina Ka Deo ang mga tunggalian kaugnay sa lupa at kagamitan sa produksyon sa pagitan ng mga magkababaryo, magkakapitbahay o di kaya'y magkakamag-anak. Masalimuot ang paglutas sa mga usaping ito laluna sa mga lugar kung saan mahina pa ang mga samahang masa at hindi pa naibubwelo ang mga programa at kampanya para sa rebolusyong agraryo na makapagbibigay ng sapat at angkop na balangkas ng paglulutas ng gayong maliliit na tunggalian.

Halimbawa ng mga tungaliang ito ang usapin ng paghahati ng lupa at patubig, pagpu-pwesto ng bakod sa sakahan at kabahayan at pagbabahaginan ng mga manang ari-arian. Dagdag sa mga usaping pangkabuhayan, idinudulog din sa mga Pulang mandirigma ang mga usaping sibil at kriminal katulad ng maliitang pagnanakaw, di pagbabayad ng utang, panggagantso, pang-aabuso sa asawa at anak at iba pa. Mayroon ding mga inihaharap na mga usaping nasa labas na ng mga sonang gerilya, katulad ng pagtatakdang ruta ng mga traysikel sa mga sentrong bayan.

Sa mga kasong walang usapin ng kriminal na paglabag sa kapatian ng iba, pinaiiral ng BHB ang mapayapang pagresolba sa pamamagitan ng masinsinang pag-uusap sa pagitan ng magkakatunggali. Iniimbestigahan muna ang mga pangayari, dinidinig ang magkabilang panig at pinagh-



**...maluwag na tinatanggap at ipinatutupad ng mamamayan ang mga kapasyahan ibinubunga ng arbitrasyon dahil na rin sa prestihiyo at integridad ng rebolusyonaryong kilusan. Gayunpaman, ang bisa at lakas ng mga kapasyahan ay nakasalalay sa lakas at tatag ng organisasyon ng mamamayang magpapatupad nito.**

harap ang mga sangkot. Pinapayuhan sila sa pamamaraan ng pagresolba at binibigyan ng mga mungkahi sa mga angkop na resolusyon, kabilang ang usapin kompensasyon.

Sa panig nina Ka Deo, masusi nilang inaalam ang lahat ng datos hinggil sa usapin at binibigyang-konsiderasyon ang lahat ng aspeto. Hindi absoluto at hindi laging pantay ang turing sa sangkot na mga panig.

Isang halimbawa na ibinigay ni Ka Deo ang paghahati ng mga minanang lupa sa pagitan ng magkakapatid. Bagamat pantay ang karapatan ng bawat isa sa lupa, binibigyang-konsiderasyon sa paghahati ang relatibong panga-

ngailangan ng bawat isa, ang klase ng lupang mapupunta sa bawat isa, ang kakayahan ng bawat isa na paunlarin ang lupa at iba pang usapin. Ipinaliliwanag ang mga konsiderasyon ito sa magkakatunggali habang idinidiin ang pagbibigayan at kooperasyon.

Sa maraming pagkakataon, sapat na sa mga magkakatunggali ang makapag-usap at makapag-paliwanagan. Ang kaso halimbawa ng nagkainitang magkapitbahay ay masayang naisasara pagkatapos ang paghingi ng tawad sa isa't isa. Mas maluwag na tinatanggap ang angkop na paghahati ng lupa at ari-arian kung lahat ng panig ay kumbinsido sa paliwanagan.

Sa mga usaping mayroong naganap na paglabag sa karapatan-tao at rebolusyonaryong batas, nailalapat ang angkop na kaparusahan, nagagabayan ang buong komunidad at naipupwesto ang wastong mga hakbang laban dito.

Ayon kay Ka Deo, maluwag na tinatanggap at ipinatutupad ng mamamayan ang mga kapasyahan ibinubunga ng arbitrasyon dahil na rin sa prestihiyo at integridad ng rebolusyonaryong kilusan. Gayunpaman, ang bisa at lakas ng mga kapasyahan ay nakasalalay sa lakas at tatag ng organisasyon ng mamamayang magpapatupad nito. Subalit may mga pagkakataon ding nagagamit ng militar at kaaway sa uri laban sa BHB at rebolusyonaryong kilusan ang mga himutok ng mga hindi nasiyahan sa arbitrasyon.

Pumapaloob ang mamamayan sa proseso ng arbitrasyon sa ilalim ng rebolusyonaryong kilusan bilang pagkilala sa kapangyarihang pam-pulitika na itinataguyod ng mga rebolusyonaryong organisasyon masa at ng BHB. Pinatitingkad nito ang kanilang pagtatakwil sa reaksyunaryong prosesong hudisyal. AB

# Pagbubuntis sa loob ng hukbong bayan

**S**i Ka Aure ay pitong buwan nang buntis. Nakapanayam siya ng *Ang Bayan* sa base ng kinabibilangan niyang platun ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Nueva Ecija.

Unang pagbubuntis ito ni Ka Aure. Mahigit 30 anyos na siya at halos isa't kalahating taon na rin silang nagpaplanong mag-asawa na magkaanak. Kaya laking tuwa nila nang matuloy na ang kanyang pagbubuntis.

Hanggang kamakailan, si Ka Aure ay nakapaloob sa regular na yunit ng BHB sa prubinsya at aktibong gumagampan ng kanyang mga rebolusyonaryong tungkulin bilang isang Pulang mandirigma.


Nang makumpirma ang kanyang pagbubuntis, agad na nagplano ang kanyang yunit para mapangalagaan ang kalusugan niya at ng kanyang dinadalang anak. Pagdating ng takdang panahon, nagpatingin si Ka Aure sa kaalyadong kumadrona sa kalapit na baryo.

Sa mga sumunod na buwan, tiniyak ng kanyang yunit na siya ay nakapagpapatingin sa kumadrona o doktor. Masugid niyang iniinom ang mga bitaminang inireseta sa kanya at binibigyan ng angkop at nararapat na pansiñ ang klase at dami ng kanyang kinakain. Katulad rin ng praktika ng lahat ng yunit ng hukbo, ang kanyang rason tuwing kainan at meryenda ay dinodoble, bagay na kinagigiliwang pagbiruan ng mga kasama.

Ayon kay Ka Aure, lubus-lubos ang alaga at pag-alalay sa kanya hindi lamang ng mga kasama sa yunit kundi maging ng sangay ng Partido at mga organisasyong masa sa baryo. Ang pagkalingang ibinibigay niila sa mga Pulang mandirigma ay nadodoble pagdating sa kanyang kapakanan at kagalingan.

Katulad ng iba pang mga buntis, dumaan sa ilang pagbabago sa pangangatawan at disposisyong si Ka Aure. Sa kanyang pangatlong buwan, nagbago ang kanyang panlasa at naging maselan sa iba't ibang pagkain. Dinanas niya ang pisikal na panghihina at pangkalahatang pagkapagod na bahagi ng pagiging buntis.

Upang angkutan ang kanyang kalagayan, gumawa ng ilang hakbang ang kanyang yunit. Ipinwesto siya sa gawain sa magkakanugnog na baryo para mabawasan ang pangangailangan para sa malalayong lakaran. Ang mga tungkuling ibinigay sa kanya ay yaong hindi nangangailangan ng madalas na pagpapalipat-lipat katulad ng pagbibigay ng mga pag-aarial. Ibinilin sa kanya na ipaalam lamang ang mga gusto niyang ka-



inin at sa abot ng makakaya ay pauunlakan ito ng mga kasama.

Natuklasan niyang malaki ang naitutulong ng nilagang saging at inasukalang tubig sa mga araw na matindi ang kanyang pagsusuka.

Sa tulong at suporta ng kanyang asawa at yunit na kinapapalooban, madaling napangibabawan ni Ka Aure ang mga kahirapang ito. At kahit sa oras ng pinakamatindi niyang pag-aalangan, hindi niya binitiwan ang kanyang mga tungkulin bilang kadre at mandirigma.

Ang panahon ng pagbubuntis ni Ka Aure ay panahon ng masiglang kampanyang masa sa saklaw ng kinabibilangan niyang yunit. Habang sumusulong ang mga rebolusyonaryong gawain, unti-unti na ring nakaangkop ang kanyang katawan.

Sa ngayon ay naghahanda na sa panganganak si Ka Aure. Katuwang ang kanyang asawang isa ring Pulang mandirigma, pinaghahandaan na nila ngayon ang bagong kabanata ng kanilang buhay bilang mga rebolusyonaryong magulang.

AB

# Imperialistang pagtrotroso at pagmimina, lalabanan

Maghanda sa paglulunsad ng *fetad!* Ito ang panawagan ng Cordillera Peoples' Democratic Front (CPDF) sa mamayahan ng rehiyon upang labanan ang mga mangangamkam na imperialistang kumpanya sa pagmimina. Ayon kay Simon "Ka Filiw" Naogsan, tagapagsalita ng CPDF, ang *fetad* o armadong pagkilos ng mga pambansang minorya sa Cordillera laban sa mga kaaway ng tribo ay magsisilbing ambag ng mamayahan ng rehiyon sa pambansang kampanya laban sa pandarambong ng mga imperialista sa likas na yaman ng bansa.

Kailangang pagbigkisin ang mga *pangat* o mga pinuno ng tribo at lahat ng mamayahan para ipagtanggol ang lupang ninuno, ani Ka Filiw. Tungo rito, maaaring buuin ang mga armadong mandirigma ng tribo bilang mga yunit depensa sa komunidad.

Sa kanyang pahayag, binaybay ni Ka Filiw ang mapait na karanasan ng mga prubinsya ng Benguet at Abra sa pandarambong at pang-wawasan na ginawa ng Benguet

Corporation, Lepanto Mines at Philex Mines na hanggang ngayo'y patuloy na nagpahirap sa mga mamayahan dito.

Gahiganteng tubo ang hinut-hot ng mga kumpanyang ito habang ang mamayahan ay nawalan ng lupang masasaka at hanapbuhay at ngayo'y nagkakasakit dulot ng lasong itinapon ng mga minahan. Kahit ang ipinangangalandakang kakarampot na buwis na mapupunta sa mga lokal na pamahalaan mula 1992 ay di pa naibigay.

Marapat lamang na singilin si Gloria Macapagal-Arroyo at ang mga hukom ng Korte Suprema sa maramihang pagpapapasok ng mapandambong na mga imperialistang kumpanya sa pagmimina, dagdag pa ni Ka Filiw.

Samantala, kinundena ng NDF-Southern Mindanao Region (NDF-SMR) ang rehimeng Arroyo sa pagpahintulot nito sa patuloy na malawakang pagtrotroso sa Mindanao at pag-alis ng *total log ban* sa kabundukan ng Caraga sa silangan ng Mindanao. Ayon kay Ka Rubi



del Mundo, tagapagsalita ng NDF-SMR, pinayagan na naman ng rehimeng Arroyo ang malalaking kumpanya ng *logging* gaya ng PICOP at Alcantara & Sons na mandambong ng natitirang kagubatan sa isla. Pawang panlilinlang, aniya, ang pag-aasta ng rehimeng Arroyo na ititigil na ang pagtrotroso dahil sa nangyaring sakuna sa Quezon nitong nakaraang Disyembre.

Dagdag ni Ka Rubi, ipinapakita nitong mas pinapaboran pa ni Arroyo ang pagwasak sa kagubatan upang pagbigyan ang pagkakamal ng limpak-limpak na tubo ng mga burges-kumprador na kumpanya imbes na pangalagaan ang nalalabing patrimonya at ang interes ng mas malawak na mamayahan.

Sa kabilang banda, ani Ka Rubi, pinamamahalaan ng demokratikong gubyernong bayan ang isang aktibong programa ng proteksyon at pagbuhay sa kalikasan para sa kakinabangan ng mamayahan. AB



## Rubout sa Bicutan

**L**abis-labis na pwersa at karanasan ang ginamit ng rehimeng Arroyo sa pagsupil sa pag-aalsa ng mga bilanggo sa Camp Bagong Diwa noong Marso 15. Napaslang ang 22 detenido na karamihan sa Morong inaakusahang kasapi ng Abu Sayyaf.

Ginawa ito sa kabilang kalaugang depensibo, mahina, gutom at sukot na ang mga bilanggong nag-alsa na armado lamang ng mabababang uri ng sandata.

Sa pangunguna ni Gen. Angelo Reyes, tiniyak ng rehimeng Arroyo na mapatay ang mga kilalang nangungunang lider ng bandidong grupong Abu Sayyaf na kasabwan ng mga upisyal ng Armed Forces of the Philippines (AFP).

Kabilang sa mga pinatay ang mga pinuno ng Abu Sayyaf na sina Alhamzer Limborg, Ghalib Andang at Nadzmie Saabdullah. Matagal na silang kasabwan ng AFP at may tuwiran nalalaman sa pagkakasangkot ng matataas na upisyal ng militar sa mga kriminal na gawain ng

bandidong Abu Sayyaf.

Tatlong armas ng mga gwardya ng bilangguan ang nakuha ng mga detenido. Sa inisyal na putukan, dalawang gwardya ang napatay. Sinagpang ng rehimeng ang pagkakataong ito upang mabigyang-katwiran ang ekstrahudisyal na pagpatay sa mga kilalang lider ng Abu Sayyaf at hatulan sa publiko ang iba pang Morong iligal na inaresto at pinaratangang mga myembro ng grupo.

Minalit ng rehimeng ang mga karaingang pinatam-pok ng pag-aalsa katulad ng aping kundisyon ng mga detenidong Moro at iligal na pang-aaresto sa mga Moro sa mga reyd sa Basilan mula pa noong 2001. Kabilang sa mga karaniwang Moro na iligal na ikinulong ang isang 14 na taong gulang na lalaki at si Ahmad

Upad, isang 75 taong gulang na may sakit na Alzheimer's. Napatay si Upad sa naganap na *rubout*.

Pinalalabas ng mga upisyal ng guberno na nagmamatigas ang mga bilanggong nag-alsa sa Camp Bagong Diwa upang bigyang-katwiran ang pagsalakay ng 300 kawal ng PNP Special Action Force (SAF), na pawang armado ng malalakas na armas. Sa loob ng humigit-kumulang dalawang oras, ginamit ng PNP-SAF ang kanilang mga sandata upang pagpapapatayin na parang manok ang walang kalaban-labang mga detenido.

Malala pa, humarap sa midya ang mga upisyal miliar at buong pagmamalaking inianunsyo ang bilang ng kanilang mga pinatay na animo'y karapatan nilang lipulin ang mga bilanggo. AB

## Presyo ng langis, sunud-sunod ang pagtaas


**P**anibagong dagdag na pasanin ang hatid ng mga kumpanya ng langis sa hirap na hirap na ngang mamamayan. Umaabot sa ₱2-2.50 pagtaas ang bigwas ngayong Marso ng tatlong malalaking kumpanya ng langis sa bansa—ang Pilipinas Shell Petroleum Corp., Caltex Philippines Inc. at Petron Corp., pati na rin ang maliliit na kumpanya tulad ng Seaoil Philippines Corp., Flying V, Unioil Petroleum Philippines Corp., Total (Philippines) Corp. at Eastern Petroleum Corp.

Ginawang apat na magkakasunod na 50 sentimo (may pagkaka-taong ₱1) ang pagtaas ng *gasoline*, *diesel* at gaas. Itinaas din ng Petron nang ₱1 kada kilo ang presyo ng *liquefied petroleum gas* (LPG). Bago pa ang mga pagtaas ngayong Marso, dalawang beses nang nagtaas ng presyo ang mga kumpanya ng langis noong Pebrero. Nakatakdang ipatupad ang pang-apat na bugso ng pagtataas bago magkatapusan ng buwan. Sa ngayon ay ₱25.80 kada litro na ang presyo ng *diesel* at mula ₱29.60 hanggang ₱30.20 ang presyo ng bawat litro ang *unleaded*

*gasoline*. Tumaas na nang ₱2 kada litro ang *gasoline* at halos ₱4 bawat litro ang *diesel* at gaas ngayong taon.

Idinadahilan ng mga kumpanya ang pagtaas ng presyo ng krudo mula sa Dubai na ngayon ay umaabot na sa \$55 kada bariles. Pero sa katanungan, walang kinalaman ang pagtaas at pagbaba ng presyo ng krudong langis sa pandaigdigang pamilihan sa pagtatakdang presyo ng mga monopolyong korporasyon. Arbitraryong itinatakdang presyo ng mga kumppanyang ito ang presyo upang makapagkamal ng labis-labis na tubo. Hindi sinusundod ng mga ito kahit ang sariling mga formula ng pagtatakdang presyo. Kung susundin ang kanilang formula, lalabas na sobra nang ₱6.2 bilyon ang siningil ng mga dayuhang korporasyon noong 2004.

Ganadong-ganado ang mga kumpanya ng langis sa sunud-sunod na bigwas ng pagtataas ng mga presyo. Bukod pa sa apat na beses na pagtataas ng presyo ngayong Marso, nagbabala pa ang mga ito ng dagdag pang mga pagtataas sa mga darating



na buwan upang lubusan umano ng mabawi ang ₱10 kada litrong pagkalugi!

Katulad ng dati, walang ginagawa ang Department of Energy

(DoE) kundi ang bigyang-katwiran ang pagtataas ng presyo ng mga produktong langis. Nitong naga-daan, hiniling lamang nito sa mga kumpanya ng langis na gawing unti-until ang pagtataas ng presyo ng mga produktong petrolyo.

Ngayon naman ay kinukundisyon ng DoE ang isip ng mama-mayan sa tinatayang ₱2.65 bawat litrong pagtaas oras na isama sa sundan sa "Langis...", pahina 12

mula sa "Langis...", pahina 11

saklaw ng *value added tax* ang mga produktong petrolyo. Inaasahan ng Malakanyang na makakakuha ng ₱45-56 bilyong buwis mula sa industriya ng langis.

Sa laki at dalas ng pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo, balewala ang pampalubag-loob na ₱1 diskwento sa *diesel* para sa mga pampublikong sasakyang makukuha mula sa 250 lamang na gasolinahan (mula sa kabuuang bilang na 4,000 sa buong bansa).

Upang iwasang madagdagan ang galit sa kanya ng mamamayan, iniutos ni Gloria Arroyo ang pagrepaso sa RA 8479 o *oil deregulation law* para amyendahan umano ito. Ngunit hindi sapat ang pagrepaso lamang sa isang batas na labis-labis ang pahirap na idinudulot sa mamamayan. Ang nararapat dito ay tahasan nang ibasura, kasabay ng pagbabasura sa kanyang rehimene. **AB**

### Mga drayber sa Central Luzon, nagwelga

NAGLUNSAD ng tigil-pasada ang mga drayber ng dyip, FX, van at traysikel sa mga prubinsya ng Bulacan, Pampanga, Tarlac at Quezon nitong Marso 16. Protesta ang tigil-pasadang ito sa walang tigil na pagtaas ng presyo ng mga produktong petrolyo, sa pagsirit ng *toll fee* sa North Luzon Expressway (NLEX) at sa pagtaas ng VAT. Ipinanawagan din ng mga nagrali ang pagbasura sa *oil deregulation law*.

Sa Bulacan, umaga nang harangan ng mga raliyista ang Tabang *exit* NLEX sa Guiginto. Naparalisa ang 60% ng transportasyon sa prubinsya sa araw na iyon.

Sa Pampanga, nag-ipon sa *toll gate* sa Dau, Mabalacat ang mga demonstrador at simbolikong isinara ang NLEX.

Sa Tarlac, aabot sa 98% ng pampublikong transportasyon ang paralisado sa protesta. Ayon sa lokal na tsapter ng Pinag-isang Samahan ng mga Tsuper at Operator Nationwide (Piston), 60% ng 15,000 traysikel na pumapasada sa 76 na komunidad sa Tarlac City ang sumali sa protesta.

Sa Lucena City, alas-7 pa lamang ng umaga ay wala nang pumapasadang pampasaherong dyip sa lansangan.

Samantala, naging katuwang naman ng NLEX ang National Capital Region Police Office (NCRPO) at mga *regional police command* sa pamumuno ni Director Avelino Razon sa pagtatangkang pigilan ang protesta. Nagtagumpay pa rin ang tigil-pasada sa kabilang pagtatalaga ng mga pulis upang matyagan ang mga pagkilos sa Metro Manila at mga kalapit prubinsya, at sa kabilang utos ni Razon na arrestuhin ang mga magpoprotesta sa NLEX. **AB**



### 5 armas nasamsam sa ambus sa Western Samar

LIMANG malalakas na armas at iba pang kagamatang militar ang nasamsam ng Arnulfo Ortiz Command (AOC) ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Western Samar nang ambusin nito ang mga elemento ng 34th IB sa pagitan ng Barangay Quezon, San Jorge at Barangay Palencia, Tarangnan noong Marso 3. Dalawang sundalo ang napatay, bukod sa di pa mabilang na mga sugatan sa panig ng kaaway, samantalang wala ni isang kaswalti ang BHB. Ang mga tropa ay lulan ng isang Hummer Military Vehicle nang sila ay tambangan.

Ayon sa AOC, pinarusahan ang 34th IB dahil sa patuloy na paglulunsad ng mga di-makataong gawain ng mga Reengineered Special Operations Teams (RSOT) nito, tulad ng pagtatayo ng mga kampo sa mga kapilya, eskwelahan at bahay ng mga sibilyan, panghaharas sa taumbaryo at pagparatang na sila'y mga myembro ng BHB at pamimilit sa mga sibilyan na maggiya sa kanilang mga operasyong militar.

### Mga kawani ng gubyerno, nagprotesta

NAGLUNSAD ng pambansang araw ng protesta ang libu-libong guro, manggagawang pangkalusugan at iba pang kawani ng gubyerno sa iba't ibang bahagi ng bansa nitong Marso 16 upang igiit ang ₱3,000 across the board na pagtaas sa kanilang sweldo. Kabilang sa mga lumahok na organisasyon ang Alliance of Concerned Teachers (ACT), Alliance of Health Workers (AHW) at ang All Government Employees Unity.

Sa Maynila, humugos sa Mendiola ang libu-libong mga kawani ng gubyerno kung saan isinagawa nila ang isang programa. Binatikos nila ang kaaaprubang ₱907.56 bilyong pambansang badyet ngayong taon dahil wala ritong probisyon para sa pagtataas ng sweldo ng mga kawani ng gubyerno. Samantala, sangkatlo ng badyet ang mapupunta sa pagbabayad ng utang.

Ipinahayag ng mga kawani na hindi na maka-agapay ang kanilang nakapakong sweldo sa taas ng presyo ng mga bilihin.